

Ano ang kasama sa iyong My Health Record (Talaan ng Aking Kalusugan)?

Ang Iyong My Health Record ay maaaring maglaman ng:

- ✔ Mga gamot na ginagamit mo na inirereseta ng iyong doktor
- ✔ Kasaysayan ng iyong mga claim (kahilingan upang bayaran ng Medicare ang mga benepisyo o serbisyong natanggap) sa Medicare
- ✔ Iyong desisyon sa donasyon ng bahagi ng katawan (organ donation)

Ang iyong mga doktor o iba pang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring makakita at makakadagdag ng impormasyon sa iyong My Health Record, kabilang ang:


- ✔ Isang buod ng iyong kasaysayang medikal, mga kondisyon at paggamot
- ✔ Impormasyon hinggil sa paglabas sa ospital (hospital discharge)
- ✔ Mga ulat sa diyagnostikong pag-iimahe (katulad ng mga resulta sa ultrasound o x-ray)
- ✔ Mga ulat hinggil sa pathology* (tulad ng mga pagsusuri sa dugo)
- ✔ Mga sulat ng espesyalista

Maaari mong idagdag ang:

- ✔ Anumang mga allergy at hindi magandang reaksiyon na maaaring mayroon ka
- ✔ Mga kokontakin kung sakaling may emerhensiya at kanilang mga detalye
- ✔ Mga puna tungkol sa iyong personal na kalusugan
- ✔ Iyong maagang impormasyon sa pagpapalano ng kalusugan (tinatala nito ang iyong mga kagustuhan tungkol sa pangangalaga ng iyong kalusugan kung sakaling masyado ka nang malubha na hindi mo na kayang ipahiwatig ang iyong gusto)
- ✔ Iba pang mga gamot o bitamina na maaaring ginagamit mo, katulad ng mga gamot na nabibili nang walang reseta

Maaari mo ring i-customize ang iyong My Health Record sa pamamagitan ng pagtakda ng mga kontrol sa pagpasok (access control) kabilang na ang paghihigpit sa kung sino ang makakakita sa iyong impormasyon, o pagkansela ng iyong talaan, sa anumang oras.

* malapit ng dumating ang functionality



"Ang My Health Record ay nagbabantay sa akin. Ito ang gamit nito."

Si Ian, isang retiradong piloto at magsasaka, South Australia

Paano nakatulong sa akin ang My Health Record sa isang emerhensiya

“Kaarawan ng anak kong lalaki at binisita ko siya sa Sydney upang magdiwang. Nag-checkin kami sa hotel at pagkaraan ng tatlong oras nasa likod ako ng ambulansiya at mabilis na hinatid sa ospital.

Nalaman nilang mayroon akong sakit na tinatawag na pancreatitis. Pagkatapos ng apat na araw sa ospital, kinausap ko sila upang palabasin ako basta't makikipagkita ako sa aking doktor para sa follow up na pagsusuri kaagad sa sandaling makauwi ako sa bahay.

Nang makapunta ako sa aking doktor, natanto kong hindi ako nabigyan ng ospital ng anumang impormasyon tungkol sa paggamot na kinakailangan ko. Sa kabutihang-palad, tiningnan ko ang My Health Record at sa loob ng isang minuto nakuha ko ang mga detalye ng kung ano ang kailangang gawin upang mapangalagaan ako.”

Impormasyon at tulong


Saan ako makakakuha ng dagdag na impormasyon o tulong?


- 🌐 Pumunta sa myhealthrecord.gov.au
- 📞 Tawagan ang aming **Help line (linyang matatawagan para sa tulong)** sa **1800 723 471**
- 👤 Bumisita sa **Medicare Service Centre (Sentro para sa Serbisyo ng Medicare)**

Iba pang tulong?

Mga Aboriginal at Torres Strait Islander tumawag sa **1800 723 471**

Kung ikaw ay isang magulang, tagapag-alaga o nagbibigay ng suporta sa isang tao na nangangailangan ng tulong, at gusto mong malaman kung paano ito nakakaapekto sa iyo, pumunta sa: myhealthrecord.gov.au/parentsandcarers

 Kung mayroon kang kapansanan sa pandinig o pagsasalita, gamitin ang relayservice.gov.au o tumawag sa **1300 555 727**

 Kung nangangailangan ka ng tulong sa ibang wika, tumawag sa **131 450**

Ang aming patakaran sa pagkapribado ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung paano mo makikita at mawawasto ang iyong impormasyon, o magreklamo hinggil sa isang paglabag sa pagkapribado. Tingnan ang myhealthrecord.gov.au/privacy o tumawag sa amin sa **1800 723 471**

My Health Record

Ang lahat ng dapat mong malaman



My Health Record

Mga pangmadaliang impormasyon

Ang **My Health Record** ay ang bagong pangalan ng pambansang digital na sistema ng pagtatala ng kalusugan. Ang pagkakaroon ng *My Health Record* ay nangangahulugang ang iyong mahalagang impormasyong pangkalusugan katulad ng mga allergy, mga medikal na kondisyon at paggamot, mga detalye ng gamot, mga ulat ng pagsusuri o scan ay maitatabi sa digital na anyo sa isang lugar.

Ang mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan katulad ng mga doktor, mga espesyalista at kawani ng ospital ay maaaring makakita nito online kahit saan man sa anumang oras kung kakailanganin nila, katulad nang sa isang aksidente o emerhensiya.

Habang dumadami ang taong gumagamit ng sistema ng *My Health Record*, mas magiging mabuti ang pagkakonektado ng pambansang sistema para sa kalusugan ng Australia. Magreresulta ito sa mas mabuti, mas mabilis at mas mahusay na pangangalaga sa iyo at iyong pamilya.

Higit sa 2.6 na milyong Australyano ang mayroon nang *My Health Record* (na tinawag noong una na Personally Controlled Electronic Health Record [Personal na Kinokontrol na Elektronikong Talaan ng Kalusugan] o PCEHR). Halos **2,000** Australyano ang nagpaparehistro bawat araw.

Ang **My Health Record** ay protektado at kinokontrol ng batas, katulad din ng online na pagbabangko.

Mga benepisyo ng pagkakaroon ng My Health Record



Mas Mabuting Paggamit

Ang iyong importanteng impormasyong pangkalusugan ay maaaring makuha sa isang lugar online na madaling mapuntahan ng iyong mga awtorisadong doktor, espesyalista, o mga ospital.

Kahit na lumipat o magbiyahe ka sa ibang estado, maaaring tingnan ang impormasyon nang ligtas online, saan man, at sa anumang oras.

Kung gusto mo, maaari mong makuha ang impormasyon ng iyong kalusugan mula sa anumang kompyuter na may internet na koneksiyon. Kontrolado mo kung sino ang makakakita nito. Kapag na-set up na ito, hindi mo na kailangang gawin ang anupaman.



Mahigpit na Seguridad

Kung pipiliin mo, maaari mong makontrol kung sino ang makakakita ng impormasyon sa iyong *My Health Record*.

May mga mahihigpit na panuntunan at regulasyon sa kung sino ang makakakita o makakagamit sa iyong *My Health Record* upang protektahan ang impormasyon ng iyong kalusugan laban sa maling paggamit o pagkawala. May mga kaparusahan para sa sinumang lalabag dito.



Mas Madali

Hindi mo na kailangang mag-alala tungkol sa kung matatandaan mo at masasabing muli ang kasaysayan ng iyong kalusugan katulad ng mga gamot, mga detalye ng mga hindi gumagaling-galing na kondisyon, at mga petsa ng kamakailang mga pagsusuri ng iba o bagong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Pareho rin para sa kasaysayan ng kalusugan ng iyong mga anak katulad ng mga pagpapabakuna at mga medikal na pagsusuri.



Mas Pinabuting Kaligtasan

Sa isang medikal na emerhensiya, ang mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan na konektado sa sistema ng *My Health Record* ay makakakita sa impormasyon ng iyong kalusugan upang mabilis na makapagbigay sa iyo ng pinakamabuting posibleng pangangalaga.

Kung gusto mo, maaari mong ilita ang anumang allergy, mga hindi magandang reaksiyon at mga medikal na kondisyon na maaaring mayroon ka upang tulungan ang mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan na mabigyan ka ng mas mabuting payo at paggamot.



Mga Bagay Tungkol sa Pagkapribado

Nirerespeto namin ang iyong pagkapribado.

Upang lumikha ng *My Health Record*, magkokolekta kami ng impormasyon tungkol sa iyo at iyong mga anak mula sa Medicare at iba pang mga ahensiya ng gobyerno kabilang na ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at mga talaan ng Medicare mula sa nagdaang dalawang taon.

Ang mga nakarehistrong organisasyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan katulad ng mga general practice at mga ospital ay maaaring makapasok sa iyong *My Health Record* kapag nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo. Maaari kang magtakda ng mga kontrol sa pagpasok (access control) upang hingipan kung sinong mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan ang makakakita sa impormasyon ng iyong kalusugan.

Hindi namin ibubunyag ang iyong impormasyon sa sinumang iba pang tao, maliban na lang kung inuutos o pinapahintulutan ng batas.

Ang karagdagang impormasyon ay makikita sa www.myhealthrecord.gov.au/privacy

Pagsisimula

1 Pumunta sa www.myhealthrecord.gov.au




Pumunta sa www.myhealthrecord.gov.au at piliin ang pindutang REGISTER. Ihanda ang iyong kard ng Medicare o Department of Veteran's Affairs. Kung nakapagparehistro ka na sa ibang paraan, i-klik ang puting pindutan na 'link your record (i-link ang iyong rekord)'

2 Pumunta sa myGov




Papupuntahin ka nito sa my.gov.au kung saan hihingin sa iyong mag-sign in. Kung wala kang account, sundin ang mga hakbang upang magparehistro. Kapag nasa loob ka na ng iyong myGov account, i-klik ang pindutan para sa mga serbisyo at 'mag-link' sa *My Health Record*.

3 Mag-sign up para sa My Health Record



Upang magparehistro para sa iyong *My Health Record*, kailangan mong magbigay ng mga detalye hinggil sa iyong Medicare o DVA at ilan pang ibang impormasyon.

4 Idagdag ang iyong mga gusto (preference)



Sa unang pagkakataong makikita mo ang iyong rekord, maaari mo itong i-set up sa pamamagitan ng mga setting access control at sa pagdagdag ng ilang mga mahahalagang impormasyon katulad ng mga kokontakin sa panahon ng emerhensiya at mga allergy. Bawat pagkakataong makikipagkita ka sa doktor, hilingin sa kanilang i-update ang iyong rekord.